

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-15 ng Abril 2020

UPDATE MULA SA KEMH

Ang bilang ng mga kaso ng COVID-19 sa Falkland Islands ay nananatili sa labing-isa (11). Kasama sa bilang na ito ang anim (6) na positibong kaso ng COVID-19 na nakilala kahapon. Sa lahat ng labing-isang (11) kaso ng COVID-19, siyam (9) na indibidwal ay nasa isolation sa Mount Pleasant Complex bilang bahagi ng pagpapatuloy na mga pagsasayaos para sa pakikitungo sa mga kaso. Ang isa sa mga indibidwal ay patuloy pa ring tumatanggap ng pangangalaga sa KEMH at ang pangalawa naman ay nakalabas na ng ospital noong isang linggo.

Sa kabuuan, may dalawang-daan at limampu't limang (255) samples na ang na-proseso sa UK sa kasalukuyan.

Ang mga karagdagang swabs ay ipapadala sa UK sa susunod na South Atlantic Airbridge.

Samantala, hinihiling ng KEMH sa kahit na sinong pasyente na tutungo sa ospital para sa assessment ng COVID-19 mula sa isang doktor, na mag-park sa tabi ng 11 Thatcher Drive, na katapat ng Secretariat at opisina ng Attorney General, at maglakad papunta sa KEMH COVID-19 Pod at maghintay sa isang miyembro ng staff.

May inilagay na nakapinturang direksyon at mga palatandaan para inyong gabay.

Ang daanan na kalsada patungo sa entrada ng KEMH East Ward ay dapat panatiliing libre sa lahat ng sasakyang naka-parada maliban na lamang sa mga bibisita sa COVID-19 Pod.

Dagdag pa dito, ang entrada na ito ay gagamitin para sa mga delivery at imbakan ng karagdagang mga suplay ng oxygen.

Ang daanan sa east end mula sa St. Mary's Walk ay hindi bukas sa lahat ng publiko, at hindi dapat gamitin na sinuman na papunta sa Pod.

PAGLALAKBAY SA PALIPARAN PARA SA MGA SIBILYAN

Inaabisuhan namin ang lahat ng inbound at outbound na mga pasaherong sibilyan na taga-Stanley ay nangangailangan na mag-book sa aprubadong commercial airport transport para sa paglalakbay papunta at mula sa MPC.

Maaaring makipag-ugnayan sa pa.desis@sec.gov.fk para sa karagdagang impormasyon patungkol sa paglalakbay sa paliparan para sa mga pasaherong nakatira sa Camp.

Ito ay para mabawasan ang mga biyahe papunta at palabas ng MPC, na naka-lingya sa kasalukyang mga pagsasa-ayos para sa COVID-19.